Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-27 NG ENERO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 022-T'99

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGTATAKDA NG HALAGANG DALAWANG LIBONG PISO (P2,000.00) BAWAT METRO KUWADRADO BILANG KABAYARAN SA PAG-OOKUPA NG PUWESTO SA HAWKER'S PLAZA NG PAMILIHANG BAYAN.

SAPAGKA'T, nilalayon ng pamahalaang bayan na maisaayos ang mga maninında sa pamilihang bayan;

SAPAGKA'T, tungkulin ng bawat isang manininda ang magbayad sa pamahalaang bayan ng kaukulang halaga para sa puwestong inookupa;

SAPAGKA'T, ang naturang halagang sisingilin ay magiging karagdagang kita para sa kabang-yaman ng bayan kapalit ay pagtatamo ng maayos na serbisyo sa pamayanan;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Bernardo E. Ison na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Florencio C. Odejar at Ricardo B. Ramirez at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang kautusang bayan tulad ng mga sumusunod:

KAUTUSANG BAYAN BLG. 01-T'99

KAUTUSANG NAGTATAKDA NG HALAGANG P2,000.00 BAWAT METRO KUWADRADO BILANG KABAYARAN SA PAG-OOKUPA SA PUWESTO SA HAWKER'S PLAZA NG PAMILIHANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.

IPINAG-UUTOS ng Kgg. Sangguniang Bayan ang mga sumusunod:

SEKSYON 1 - Itakda ang halagang P2,000.00 bawat metro kuwadrado bilang kabayaran sa pag-ookupa ng puwesto sa Hawker's Plaza ng pamilihang bayan, Santa Cruz, Laguna.

SEKSYON 2 - Ang mga bahagi o kabuuan ng umiiral na kautusang bayan na sumisinsay sa itinatadhana ng kautusang bayang ito ay pinawawalang-bisa at saysay.

SEKSYON 3 - Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos mapagtibay.

PINAGTITIBAY AT ISINASABATAS:

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Bayan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Hukom, Pinuno ng Kagawaran ng Pulisya, Pambayang Ingat-Yaman, Tagapamahala ng Pamilihang Bayan at mga manininda sa Hawker's Plaza ng pamilihang bayan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

RECORDED
BY:
DATE 2-10
LAGUNA